

Paano Gamitin ang COVID-19 Pagsusuri


Gamit ang QuickVue At-Home OTC COVID-19 Pagsusuri

Patungkol

Ito ang pinakamadaling gabay ng QuickVue At-Home OTC COVID-19 Test kit. Para sa kumpletong impormasyon, mangyaring sumangguni sa Pahina ng Instruksyon at Fact Sheet ng Pasyente sa loob ng kit. Itong produkto ay mayroong pahintulot sa emergency paggamit ng FDA.



Panuorin ang bidyo tungkol sa paanong gawin ang pagsusuri sa quickvueathome.com/#video_testkit-2



ANO PA ANG KAILANGAN MO?

Relo or orasan (hindi kasama sa kit)
Ang pagiging eksakto sa oras ay napakahalaga para sa pagsusuri na ito!




UPANG SIMULAN ANG PAGSUSURI

Hugasan ang iyong kamay at ilagay ang kit sa isang patag at malinis na lugar. Siguraduhing maliwanag ang kwarto. Kung gagawin ang pagsusuri na ito sa ibang tao, gumamit ng **takip sa mukha**. Buksan ang kit at siguraduhing ang lahat ng nakalista sa taas ay nasa loob. **Kunin ang iyong orasan o relo at sundin ang sunud-sunod na instruksyon** sa kabilang pahina.

Paggawa ng Covid Pagsusuri

1

Tanggalin ang takip nang isa sa mga tubo at ilagay ito sa lalagyanan ng tubo.




HUWAG HAWAKAN ANG ULO NG PAMUNAS (Foam swab)



2

Buksan ang balot ng pamunas. Huwag hawakan ang ulo ng pamunas.




3

Ipasok ang pamunas hindi bababa ng ½ hanggang ¾ pulgada sa isang butas ng ilong. Ipahid ito sa loob ng mga paligid ng ilong ng mga 4 na beses. Gamit ang parehong pamunas, ulitin sa kabilang butas ng ilong. Aabutin ito ng mga 15 segundos.


4

Pagkatapos makuha ang sampol mula sa ilong, ilagay ang pamunas sa bukas na tubo. Siguraduhin na ang pamunas ay nakadampi sa ilalim ng tubo. Haluin ang pamunas nang 3 o 4 na beses.



5


Iwanan ang pamunas sa loob ng tubo nang **hindi bababa sa 1 minuto**. (Gumamit ng orasan o relo!). Maaring mali ang resulta kung ang pamunas ay iniwan ng masyadong mabilis o matagal.



iwanan ang pamunas sa loob ng isang minuto

6

Pagkatapos ng isang minuto, **alisin ang pamunas sa tubo, ipunas ang ulo ng pamunas sa dingding ng tubo upang malabas ang mga likido hangga't maaari**. Itapon ang pamunas.




7

Dahandahang buksan ang balot ng Test Strip at ilagay ang Test Strip sa loob ng tubo, ang mga **arrow ay nakaturo pababa**. Iwanan ang strip sa tubo ng **10 minuto**. (Gumamit ng orasan o relo!)




iwanan ang Test strip sa loob ng sampung minuto



arrow ay nakaturo pababa


8

Pagkatapos ng **10 minuto**, alisin ang Test Strip sa tubo at ilagay ito sa patag na lugar at may maliwanag na ilaw. Basahin agad ang Test Strip! Kung lumagpas ng 5 minuto bago basahin ito, ang resulta ay maaaring maging mali o di-wasto.



PAGBABASA NG IYONG MGA RESULTA NG PAGSUSURI

May 3 uri ng posibleng resulta ng pagsusuri: **Positibo**, **Negatibo** o **Di-wasto**, isang pagsusuri na hindi magagamit.




POSITIBONG RESULTA=
1 kulay rosas na linya + 1 Asul na linya

Malamang na mayroon kang COVID-19. Dapat mong ihiwalay ang iyong sarili. Kung mayroon kang mga sintomas na nagbibigay sa iyo ng pangamba o pag-aalala, makipag-ugnayan sa iyong healthcare provider.



NEGATIBONG RESULTA =
1 Asul na linya

Malabong mayroon kang COVID-19. Ngunit kung mayroon kang mga sintomas na nagbibigay sa iyo ng pangamba o pag-aalala, makipag-ugnayan sa iyong healthcare provider.



DI WASTO NA RESULTA=
1 kulay rosas na linya or WALANG linya

Kailangan mong gumawa ng bagong pagsusuri. Magsimulang muli sa umpisa gamit ng bagong tubo, pamunas, at test strip. Kung nagkaroon ka ng 2 di-wastong resulta, tumawag sa 1-833-784-2588.